



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA KAGYAT NA PAGLALABAS: Hunyo 25, 2019
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson - 415.749.4900

Magsisimula na ang pinahihintulatang panahon ng pagsunog para sa mga sunog sa pamamahala ng pastulan

SAN FRANCISCO -Inaanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na ang panahon ng bukas na pagsusunog para sa mga apoy sa pamamahala ng saklaw ay magsisimula sa Lunes, Hulyo 1, at magaganap hanggang Abril 30, 2020.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi nagdedeklara ng mga araw ng SUNOG kapag umiiral ang *Alerto na Iligtas ang Hangin*.

Ang mga sunog sa pamamahala ng pastulan ay itinakda para alisin ang mga hindi ninanais na mga halaman mula sa mga pampubliko o pribadong lupa kung saan nangingingain at kumakain ang mga hayop na inaalagaan sa komersyal na paraan tulad ng mga kabayo, baka at tupa. Ang mga sunog sa pamamahala ng pastulan ay itinatakda o pinapayagan ng pampublikong opisyal sa sunog sa lokal na hurisdiksyon. Anumang duming susunugin ay dapat pinatumba, dinurog, o binunot gamit ang mekanikal na kagamitan, o pinatuyo, nang hindi bababa sa anim na buwan bago ang pagsusunog, kapag natukoy ng direktor ng estado ng kagubatan o pampublikong opisyal sa sunog na posible itong gawin. Ang mga hindi ninanais na puno na mahigit sa anim na pulgada sa diyametro ay dapat putulin bago sunugin at tuyuin para sa pinakamababang anim na buwan.

Ang mga sunog para sa pamamahala ng pastulan na inaasahang lumampas sa 10 acre ang laki, o mga sunog para sa pag-aalis ng tumpok ng sinunog na halaman na inalis o nabuo mula sa paggamot ng mahigit sa 10 acre ng lupa, ay kinokontrol bilang mga sunog para sa pamamahala ng mga halaman sa parang at sasailalim sa inirerekomandang mga kinakailangan sa pagsunog sa Regulasyon 5 ng Air District seksyon 401.15 at 408.

Dapat ding magtanong ang mga inaasahang magsusunog sa kanilang mga lokal na ahensiya sa sunog at sa Cal Fire para makakuha ng pahintulot sa lugar at mga kinakailangan para sa kaligtasan sa sunog. Ang mga unit ng Cal Fire ay maaaring may mga karagdagang paghihigpit na ginagamit, kaya makipag-ugnayan sa [lokal na istasyon ng Cal Fire](#) sa iyong komunidad.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at pag-iwas mula sa mga panganib ng sunog, bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinalalaga bilang araw ng PAGESUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulatang sunog ay maaari lang isagawa sa mga itinaguyod na panahon ng pagsunog sa isang itinalagang araw ng PAGESUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at mga katimugang county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: www.baaqmd.gov/rules. Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Tanggapan ng Komunikasyon ng Air District
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilalabas na Balita](#)